



Daily Wellness Check

KAILANGAN NAMIN ANG IYONG TULONG!

Ang mga empleyado na HIDOE, mga nakontratang service provider, mga bisita at mag-aaral ay dapat makumpleto ang wellness check kada umaga bago magtungo sa paaralan o sa tanggapan kung lubusang nabakunahan man o hindi. Mangyaring I-report ang anumang mga karamdaman o pagkakalantad sa COVID-19 sa paaralan o supervisor.



MAG-CHECK PARA SA MGA KATULAD NA SINTOMAS NG COVID-19 NA KARAMDAMAN

Kung mayroong anumang mga sintomas ng karamdaman , **huwag pumunta sa paaralan o tanggapan.**

- Lagnat (mataas ng 100°F o mainit sa pandama)
- Mga panginginig
- Pag-ubo
- Kapos sa paghinga o kahirapan sa paghinga
- Pagkapagod
- Sakit ng kalamnan o katawan
- Sakit ng ulo
- Panibagong pagkawala ng panlasa o pang-amoy
- Sakit sa lalamunan
- Paninikip ng ilong o pag-sipon
- Pagduduwal o pagsusuka
- Pagdudumi

Ang sinumang may sintomas ng COVID-19, kahit na banayad na sintomas, ay dapat manatili sa bahay mula sa paaralan, tanggapan at iba pang mga aktibidad. Ang mga may sintomas na hindi pa nasusuri ay dapat masuri sa lalong madaling panahon.

**TULUNGAN KAMI NA PANATILIHING
MALUSOG AT LIGTAS ANG ATING
MGA PAARALAN!**